Bakit Hindi Kumakain ng Karne ng Baboy ang mga Muslim?

Bakit hindi kumakain ng karne ng baboy ang mga Muslim? Sa kanyang awa at kabutihan, pinahintulutan ng Allah ang mga tao na kumain ng mabubuting bagay at pinagbabawalan silang kumain ng marurumi.

"Yaong mga sumusunod sa Sugo, ang Propetang di marunong bumasa't sumulat, na natagpuan nila na nakasulat sa kanila sa Torah at Ebanghelyo. Inuutusan niya sila ng mabuti at pinagbabawalan sila ng masama, pinahihintulutan sa kanila ang mabubuting bagay at ipinagbabawal ang mga marurumi, at inaalis sa kanila ang kanilang mga pasanin at mga tanikala na nasa kanila. Kaya't yaong mga naniwala sa kanya, pinarangalan siya, at sinunod ang liwanag na ipinahayag kasama niya—sila ang magtatagumpay." [277]. (Al-Imran: 157).

Sinabi ng ilan na nagbalik-Islam na ang hayop na baboy ang naging dahilan ng kanilang pagyakap sa Islam.

Dahil sa kanilang kaalaman na ang hayop na ito ay napakadumi at nagdudulot ng maraming sakit sa katawan, kinamuhian nila ang pagkain nito. Inakala nila na ang mga Muslim ay hindi kumakain ng baboy dahil lamang ito ay ipinagbabawal sa kanilang banal na aklat at dahil sa kanilang debosyon dito, at na sinasamba nila ito. Subalit nang maunawaan nila na ipinagbabawal ang pagkain ng baboy sa Islam dahil ito ay marumi at ang karne nito ay nakasasama sa kalusugan, napagtanto nila ang kadakilaan ng relihiyong ito.

Sinabi ng Allah:

"Tunay na ipinagbawal Niya sa inyo ang patay na hayop, dugo, laman ng baboy, at anumang inihandog sa iba bukod sa Allah. Ngunit kung ang sinuman ay napilitan, nang hindi sadya o lumampas, walang kasalanan sa kanya. Tunay na ang Allah ay Mapagpatawad, Maawain." [278]. (Al-Baqarah: 173).

Ang pagbabawal sa pagkain ng karne ng baboy ay matatagpuan din sa Lumang Tipan.

"At ang baboy, sapagkat nahahati nito ang kuko ngunit hindi ngumunguya, ito ay

marumi para sa inyo. Huwag kayong kakain ng kanilang karne o hahawak sa kanilang mga bangkay; sila ay marumi para sa inyo." [279]. (Leviticus 7:11-8).

"At ang baboy, sapagkat nahahati nito ang kuko ngunit hindi ngumunguya, ito ay marumi para sa inyo. Huwag kayong kakain ng kanilang karne o hahawak sa kanilang mga bangkay." [280]. (Deuteronomy 8:14).

At ito ay kilala na ang batas ni Moises ay ang batas din ni Hesus, ayon sa sinabi ni Hesus sa Bagong Tipan:

"Huwag ninyong isipin na naparito ako upang sirain ang batas o ang mga propeta. Hindi ako naparito upang sirain kundi upang tuparin. Sapagkat katotohanang sinasabi ko sa inyo, hanggang sa mawala ang langit at lupa, hindi mawawala ang kahit isang titik o tuldok mula sa batas hanggang sa matupad ang lahat. Kaya't ang sinumang lumabag sa isa sa pinakamaliit na utos na ito at nagturo sa mga tao ng gayon, siya ay tatawaging pinakamaliit sa kaharian ng langit. Ngunit ang sinumang sumunod at nagturo nito, siya ay tatawaging dakila sa kaharian ng langit." [281]. (Mateo 5:17-19).

Dahil dito, ang pagkain ng karne ng baboy ay ipinagbabawal sa Kristiyanismo tulad ng ipinagbabawal sa Hudaismo.